
PRAYMER HINGGIL SA

# PEOPLE'S MINING BILL

(HOUSE BILL 2715)



CENTER FOR ENVIRONMENTAL CONCERNS-PHILIPPINES

ISBN: 978-971-91513-8-8

**Praymer Hinggil sa People's Mining Bill**
**(House Bill 2715)**

Inilathala ng Center for Environmental Concerns (CEC) - Philippines sa pakikipagtulungan ng Defend Patrimony Alliance at Kalikasan People's Netowork for Environment (Kalikasan-PNE)

Copyright © 2018
Center for Environmental Concerns-Philippines

Office Address: No. 26 Matulungin Street, Barangay Central, Diliman, Quezon City 1101, Philippines
Telefax: (632) 356 2166
Website: www.cecphils.org
Email: info@cecphils.org

Pananaliksik at pagsusulat nina: Lisa Ito at Lia Alonzo
Layout: Ron Villegas
Larawan: BomboRadyo
Paglilimbag: Southern Voices Printing Press

Ang publikasyon na ito ay inilathala sa tulong ng Development and Peace - Caritas Canada.

# PRAYMER HINGGIL SA
# PEOPLE'S MINING BILL
# (HOUSE BILL 2715)

## INTRODUKSYON

Noong Marso 6, 1995, ang Gobyerno ng Pilipinas ay isinabatas ang Republic Act (RA) 7942 o Philippine Mining Act of 1995 na nagbigay kontrol sa mga dayuhan na magmay-ari ng mga operasyon ng pagmimina sa bansa. Ito ay isinabatas kasama ng iba pang neoliberal na polisiya na lalong nagtanggal ng kontrol ng bansa sa mga estratehikong pang-ekonomiyang sektor.[1]

Ang RA 7942 ay tinutulan ng marami kasama ang iba't ibang civil society organizations (CSOs), maka-kalikasan o environmentalists at ng mga pambansang minorya. Noong 2004, idineklara ito ng Supreme Court (SC) bilang unconstitutional o hindi naaayon sa saligang batas sa kaso ng La Bugal B'lann Tribal Association vs. Ramos. Ngunit kataka-takang bigla na lamang binawi ng SC ang sarili nitong desisyon matapos umapila ang ehekutibo at iba't ibang grupo sa pagnenegosyo.

Dalawampu't tatlong (23) taon na ang RA 7942 at patuloy na gumagawa ng mga polisiya ang mga nagdaang administrasyon na nagpapalala ng ng liberalisasyon ng sektor ng pagmimina. Ang Dating Pangulong Gloria Macapagal-Arroyo ay pinag-isa ang iba pang batas na may kaugnayan dito at nagpatupad ng polisiyang "promotion" mula sa dating "active tolerance" sa mga dayuhan at malakihang pagmimina o large-scale mining. Naglabas siya ng mga Executive Order[2] (EOs) na nagsasaad ng pagbibigay prayoridad sa pagpapasigla ng pagmimina sa bansa. Nagbunga ito ng aktibong panghihikayat ng mga ahensya ng gobyerno sa mga dayuhang negosyo na mamuhunan sa mina sa bansa at pinadadali nila ang proseso ng pag-apruba ng mga permit ng mga ito. Naglabas din siya ng EO na nagdedeploy ng mga militar na tinatawag na "Investment Defense Force" para magbigay seguridad ang mga kumpanya ng mina.

1 Kasama ito sa Structural Adjustment Programs (SAP) na itinataguyod ng mga development aid institutions katulad ng World Bank, International Monetary Fund, at Asian Development Bank mula noong 1980s.

2 Executive Order No. 270: National Policy Agenda on Revitalizing Mining in the Philippines na inilabas noong January 16, 2004 at ang Executive Order No. 270-A na inilabas noong April 20, 2004.

Ang ganitong mga neoliberal na polisiya ay ipinagpatuloy lamang ng sumunod sa kanya na si Dating Presidente Benigno Aquino III. Noong 2012, naglabas ang Dating Pangulong Benigno Aquino III ng EO No. 79 na nagbibigay ng mortoryo sa mga bagong operasyon ng pagmimina ngunit patuloy pa rin ang operasyon ng mga dati nang nagmimina. Pinahihintulutan din ng polisiya na ito na mapawalangbisa ng pambansang gobyerno ang awtoridad ng mga Local Government Unit (LGU) sa pagpapasa ng mga lokal na resolusyon at ordinansa na magpoprotekta sa kanilang lokalidad tulad ng pagbabawal sa mga large-scale mining. Pinahintulutan din ni Aquino ang pagbubuo ng Special Civilian Armed Auxiliary o mga grupong paramilitar na katuwang ng mga Investment Defense Force.

Ang kasalukuyang Pangulong Rodrigo Duterte ay isang maingay na kritiko ng mga kumpanya ng mina, sinisisi niya ang mga ito sa paglala ng kahirapan at pagkasira ng kalikasan. Ngunit iba ang ipinapakita ng kanyang mga aksyon. Inaral ng kanyang dating Department of Environment and Natural Resources (DENR) Secretary na si Regina Lopez ang mga operasyon ng mina sa bansa na nagresulta ito ng pagsuspindi ng lima (5) at pagpapasara ng dalawampu't tatlong (23) mina gayundin ang pagkansela ng pitumpu't limang (75) permit. Sa halip na pakinggan ang kahilingan ng mga tao na suportahan ang ginagawang ito ng DENR, hinayaan ni Pangulong Duterte ang pagtanggi sa kumpirmasyon ni Lopez bilang kalihim at pinalitan pa niya ito ng isang militar na si Roy Cimatu na mayroong mahabang kasaysayan ng pang-aabuso sa karapatang pantao at korupsyon. Pagkatapos ng mga nangyari, inatasan pa ni Duterte ang Armed Forces of the Philippines na bombahin ang mga eskwelahan ng mga Lumad[3] at nag-utos din siya sa mga ito na patagin ang kabundukan dahil daw ang mga komunidad na tumututol sa operasyon ng mina ay mga rebelde.

Ayon sa Mines and Geoscience Bureau (MGB) ng DENR, mula noong Setyembre 30, 2017 ay mayroong apat na daan at tatlumpu't dalawang (432) kontrata ng pagmimina kasama ang limang (5) Financial and Technical Assistance Agreements (FTAAs), tatlung daan at labing-apat (314) na Mineral Production and Sharing Agreements (MPSAs), dalawampung (20) Exploration Permits (EPs), tatlumpu't dalawang (32) Mineral Processing and Production Permits, limampu't siyam (59) na Industrial Sand and Gravel Permits at dalawang (2) kontrata ng pagpapaupa. Sasakupin ng mga ito ang 737, 556.1836 ektarya o 2.5% ng lupain ng buong bansa.

3 Ang lumad ang pinakamalaking pambansang minorya sa Pilipinas.

## Epekto ng Liberalisasyon sa Pagmimina

Ang Pilipinas ay mayroong 7.1 bilyong tonelada (Billion Metric Tons o BMT) ng mga reserbang mineral ng metal (tulad ng ginto at nikel) at 51BMT ng non-metallic deposits. Ang kabuuang halaga nito ay humigit-kumulang $840 bilyon hanggang $1 trilyon: sampung beses na malaki kaysa sa Gross Domestic Product (GDP) ng bansa at higit na malaki kaysa sa ating kabuuang utang panlabas. Kung mapapaunlad nang maayos ang mga ito, kayang isustine ng reserbang yaman na ito ang isang malakas, nakaasa-sa-sarili at progresibong ekonomiyang binabalanse ang agrikultura at industriya at kayang putulin ang siklo ng kahirapan.

Gayunpaman, hindi ito ang nangyayari sa bansa dahil sa kasakuluyang mga polisiya hinggil sa pagmimina. Ang industriya ng pagmimina sa Pilipinas ay matagal nang liberalisado at bukas na bukas ito para sa dayuhan at pribadong kontrol. Hindi ito nakakapag-ambag sa pagpapaunlad ng industriya at modernisasyon ng agrikultura ng bansa. Hanggang sa kasalukyan, limitado ito sa yugto ng pagkuha ng mga hilaw na mineral at ang mga ito ay ineeksport nang hindi pa napoproseso. Nananatili ang bansa sa pag-asa sa mga dayuhang kapital, kasanayan at teknolohiya.

Pinagkaitan ng RA 7942 ang mga tao ng karapatan sa lupa at iba pang likas na yaman. Pinabansot nito ang ekonomiya at sinisira ang kalikasan. Naging dahilan ito ng ilang matinding dagok sa kalikasan tulad ng nangyari sa Marcopper Mining Corporation (1996), Lafayette Philippines Incorporated (2005) at Philex Mining Corporation (2012) mine spills. Mas malaki ang pinsala nito sa bansa kumpara sa ipinangakong pang-ekonomiyang ganansya nito. Ang mga komunidad na may mina ang kasama sa mga pinakamahihirap na komunidad sa buong bansa. Responsable ang mga mina sa paglabag sa karapatang pantao; marami ang namatay, nakasuhan at ginipit dahil sa kanilang pagtutol sa pagmimina. Inihiwalay nito ang mga komunidad ng pambansang minorya- ang mga huling muog ng ating pre-kolonyal na kultura–sa kanilang lupang ninuno sa pamamagitan ng sapilitang pagpapalikas sa mga ito.

## Tungo sa Bagong Polisiya sa  Pagmimina

Hindi sustenable sa ekonomiya, ekolohiya, kultura at hindi gumagalang sa karapatang pantao ang RA 7942. Dapat itong ipawalang-bisa upang protektahan ang ating nauubos na likas na yaman mula sa pandarambong. Ang mga CSOs, maka-kalikasan, mga komunidad at LGU ay nagnanais ng bagong batas hinggil sa pagmimina na magtitiyak ng proteksyon ng kalikasan.

Ang First People's Conference on Mining noong Mayo 9, 2002 ay nananawagan na ipawalang-bisa na ang umiiral na batas sa pagmimina at paunlarin ang industriya sa pamamagitan ng pambansang industriyalisasyon. Noong Oktubre 2002, ang Dapitan Initiative ay nagtaguyod din ng bagong lehislasyon. Taong 2005, naisulat ang People's Mining Policy (PMP), isang alternatibong balangkas ng polisiya sa pagmimina na pinagtibay ng Defend Patrimony[4] sa pamamagitan ng konsultasyon sa pambansang saklaw sa mga pangmasang organisasyon. Ang mga lokal na opisyales sa antas ng LGU ay nagtakda na rin ng moratoryo sa mga malalaking mina at/o open pit mining.

Dapat harapin ng pambasang gobyerno ang ganitong mga inisyatiba ng mga organisasyon at mga LGU. Ang House Bill (HB) 2715 ay pagsasama-sama ng mga panukala mula sa iba't ibang mga grupo at kolektibong sinusuportahan ang matalino at sustenableng pag-unlad ng yamang mineral ng bansa- isa itong balangkas na umaayon sa hustisyang panlipunan, gumagalang sa karapatan at kagalingan ng mga tao, konserbasyon ng kalikasan at nagtatanggol sa pambansang soberanya at patrimonya.

4 Ang Defend Patrimony! Movement against Mining Transnational Corporations and Plunder of Resources (Defend Patrimony! Alliance) ay isang malawak na koalisyon ng iba't ibang pangmasang organisasyon, non-government organizations, civic institutions and federations na tumututol sa liberalisasyon at pandarambong sa yamang mineral ng bansa.

# FREQUENTLY ASKED QUESTIONS

## 1. Ano ang People's Mining Bill (PMB)?

Ang House Bill 2715 (An Act of Re-Orienting the Philippine Mining Industry Towards National Industrialization and Ensuring the Highest Industry Development Standards, and for other Purposes known as the People's Mining Act of 2016) ay naghahangad na magkaroon ng pagbabago sa kasakuluyang polisiya sa pag-aari, pagpapatakbo at pamamahala sa mga mineral na metallic at non-metallic, quarry resource at gemstone tungo sa pambansang industriyalisasyon at pambansang pag-unlad. Sakop nito ang offshore, karagatan, maliliit at malalaking operasyon ng mina at ang konserbasyon nito, eksplorasyon, pagpapaunlad, paggamit, pagpoproseso at transportasyon (Sek. 2, 5).

> ***Mineral resources*** binibigyang kahulugan ito sa panukalang batas bilang mga natural na materyal sa porma ng solid, gas, liquid, o ano pang intermediate state, bukod sa energy materials tulad ng petroleum, natural gas, radioactive materials, at geothermal energy.

## 2. Kailan unang naisalang ang panukalang batas at ano ang estado nito?

**Table 1: Ang panukalang batas na People's Mining Bill**

| Termino ng Kongreso | Petsa ng Pagsampa | Bilang ng House Bill | Mga Awtor | Istatus |
|---|---|---|---|---|
| 15th Congress | Marso 2, 2011 | HB 4315 | Teddy A. Casino, Neri J. Colmenares, Rafael V. Mariano, Luzviminda C. Ilagan, Raymond V. Palatino, Emerenciana A. De Jesus, and Antonio L. Tinio | Committee level |
| 16th Congress | Hulyo 1, 2013 | HB 0171 | Neri J. Colmenares, Carlos Isagani C. Ilagan, Emerenciana A. De Jesus, Antonio L. Tinio, Fernando L. Hicap and Terry Ridon | Technical working group level |
| 17th Congress | Agosto 9, 2016 | HB 2715 | Carlos Isagani T. Zarate, Emerenciana A. De Jesus, Antonio L. Tinio, Arlene D. Brosas, France J. Castro, Ariel B. Casilao and Sarah Jane I. Elago | Technical working group level |

## 3. Ano ang kaibahan ng balangkas at prinsipyo ng panukalang batas na ito sa RA 7942?

Taliwas ang PMB sa liberalisasyon sa industriya ng pagmimina na pangunahing nilalaman ng RA 7942. Itinataguyod ng panukalang batas ang konstitusyunal na karapatan ng mamamayang Pilipino sa tamang paggamit, pamamahala, pagtatamasa sa mga benepisyo ng yamang mineral ng bansa bilang pambansang patrimonya at hindi napapalitang yaman (Sek. 6). Binibigyan nito ang Estado ng pangunahing responsibilidad sa pamamahala, konserbasyon, paggamit at pagpapaunlad ng industriya ng pagmimina at itinuturing ang pagmimina bilang kapwa responsibilidad ng pambansa at lokal na gobyerno, ng mga korporasyon at mga komunidad (Sek. 7).

Layunin nito na paunlarin ang industriya ng pagmimina sa Pilipinas sa balangkas ng pambansang industriyalisasyon at reporma sa lupa sa paraang sustenable, maka-kalikasan at demokratiko. Ang pag-unlad ng industriya sa pagmimina ay kinakailangang nakabase sa National Industrialization Program (NIP) at sa Mining Plan (MP) na hindi pinatatakbo ng merkado at panlabas na namumuhunan kundi sinusuportahan ang estratehiko at planadong lokal na ekonomiya (Sek. 2-3).

## 4. Paano ipinaliliwanag ng PMB ang pambansang industriyalisasyon?

Sa konteksto ng industriya ng pagmimina, nangangahulugan ang pambansang industriyalisasyon ng produksyon ng mineral, pagpoproseso at distribusyon pangunahin para sa lokal na pangangailangan ng ekonomiya. Kasama rito ang paggawa ng paborableng kondisyon para makiisa ang mga Pilipinong namumuhunan sa pamamagitan ng iba't ibang kasunduan sa pagitan ng estado at pribado na nagtitiyak na ang pagmimina ay makakatulong sa pagpapasigla ng lokal na pamumuhunan, pagtaas ng produksyon sa agrikultura at magbunga ng kalakal sa parehong konsumer at prodyuser (Sek. 14, mm).

## 5. Paano dapat pinauunlad ang pagmimina sa ilalim ng pambansang industriyalisasyon?

Kinakailangan na estratehiko at sistematikong sinisikap ng Estado ang pagpapaunlad ng industriya na nakaayon sa NIP at MP base sa sumusunod na prayoridad (Sek. 2-4):

- Pag-unlad na nakabase sa lokal na pangangailangan upang magkaroon ng kapasidad ang bansa na magproseso ng metal tulad ng base metal, basic chemicals at petrochemicals at downstream na mga industriya na lilikha ng

**Table 2: Paghahambing ng Balangkas sa Pag-unlad**

| RA 7942: Mining Act of 1995 | HB 2715: People's Mining Bill |
|---|---|
| Responsable ang Estado sa pagtataguyod ng makatuwirang eksplorasyon, pagpapaunlad, paggamit at konserbasyon ng mga mineral sa pamamagitan ng magkatambal na pagsisikap ng gobyerno at pribadong sektor. | Pangungunahan ng Estado ang pagpapaunlad ng industriya ng pagmimina na nakaayon sa National Industrialization Program at Mining Plan na kinikilala ang midyum at pangmatagalang pangangailangan; pagpapaunlad ng teknolohiya; karapatang sa pagpapasya sa sa sarili ng mga Pambansang Minorya at Moro; at iba pang katanggap-tanggap na patakaran na magtataguyod ng karapatang pantao, paggawa, kababaihan at bata, at proteksyon at preserbasyon ng kalikasan na nakapaloob sa umiiral na internasyunal na kumbensyon kung saan nakalagda ang bansa (Sek. 2-3). |
| Pasisiglahin ang pagmimina sa pamamagitan ng repormang pinansya, dagdag na mga benepisyo at insentibo para sa dayuhang namumuhunan. Limitado ang industriya ng pagmimina sa ekstraksyon at eksport ng mineral; nakaasa sa dayuhal kapital, teknolohiya, kasanayan; at kontrolado ng iilang piling tao. | Pauunlarin ang pagmimina sa balangkas ng 1) pagsasabansa ng mga industriya na nakasasapat sa sarili, at 2) pagkakamit ng tunay na reporma sa lupa, modernisasyon ng baseng agrikultura at pagpapaunlad sa kanayunan. Hinahangad nito ang pinakamabuting benepisyo para sa pambansa at lokal na ekonomiya at pampublikong partisipasyon/ representasyon higit sa mga proyekto (Sek. 2). |

trabaho at sariling basic, medium at heavy na industriya para sa pangkonsumo, intermedya at pangkapital.

- Repormang agraryo at modernisasyon nito upang sabay ang pag-unlad ng industriya ng mineral sa produksyon ng agrikultura at magbabawal sa pagmimina sa mga lugar na nakatalaga para sa produksyon ng pagkain.
- Lokal na pangangapital sa pagmimina sa pamamagitan ng partisipasyon ng mga korporasyong Pilipino at pagbibigay ng pondo sa mga ito mula sa badyet na ipinambabayad utang panlabas, pondo sa militar, at sapi sa proyektong Malampaya Natural Gas.
- Paggalang sa pambansang minorya at moro para sa kanilang karapatan sa sariling pagpapasya.

- Pagsuporta sa karapatan ng mga mangagawa at pagtitiyak ng kanilang kaligtasan sa trabaho.
- Pagsuporta sa small-scale na mga minero at ang kanilang integrasyon sa pambansang industriya ng pagmimina.
- Pag-alis ng operasyong militar, pulis, pribadong seguridad at iba't ibang grupong paramilitar sa mga mina.
- Pagpapaunlad ng industriyal na kaalaman, teknolohikal at pamamaraan upang mas maging akma, matipid at hindi nakakapanira ng kalikasan.
- Pagtataguyod, pagpapaunlad, pagpapatupad at pagsubaybay sa praktika at pamantayan na hindi nakasisira sa kalikasan.

## 6. Paano nakakatulong ang pagmimina sa pambansang industriyalisasyon sa pagmomodernisa ng agrikultura?

Ang pagmimina ay maaaring magamit sa paglikha ng teknolohiya para sa produksyon, post-harvest, at pagpoproseso ng hilaw na materyales at produktong agrikultural. Ang mga mineral ay maaaring magamit sa produksyon ng mekanisadong kagamitan at teknolohiya na kailangan upang imodernisa ang industriya ng agrikultura at makamit ang indutriyal na pangangailangan ng bansa. Uunahing isaayos ang mga metal na kailangan para makalikha ng ganoong mga kagamitan at teknolohiya at ituturing na estratehikong yamang mineral ang mga ito. Hindi isasagawa ang pagmimina sa mga agrikultural na lupain, magiging prayoridad ang produksyon at seguridad sa pagkain. Ang MP ay gagawin base sa inihaing mga prinsipyo na nakaayon sa NIP at sinusuportahan ng mga Multi-Sectoral Mining Councils (MSMC) (Sek. 4, 11, 30).

## 7. Paano nagbubuo ng kapasyahan sa ilalim ng PMB at RA 7942?

Sa RA 7942, ang pagdedesisyon hinggil sa permit ng mga malakihang pagmimina ay nasa kamay lamang ng Pangulo, DENR, at ng MGB. Sa PMB, ang pagdedesisyon ay mas pinalawak sa mga apektadong komunidad, stakeholder, LGU, at non-government organizations (NGO) sa pamamagitan ng Multi-Sectoral Mineral Councils (MSMCs) (Sek. 37).

Bubuuin ang MSMC para sa lahat ng mineral areas. Bubuuin ang MSMC ng isang kinatawan mula DENR, isang kinatawan mula sa mga apektadong LGU, kinatawan mula sa mga organisasyon sa lokalidad na apektado ng proyekto ng pagmimina at dalawang kinatawan mula sa NGO (Sek. 39). Ito ay titipunin ng MGB. Magtatakda ang MSMC ng panahon ng pagsisiyasat sa mga panukalang

pagmimina, magkakaroon ng mga public hearing, pag-uusapan kung pahihintulutan o hindi ang operasyon ng pagmimina, pag-uusapan ang mga panukalang kasunduan sa pagmimina, imomonitor ang kondukta ng pagmimina, magkakaroon ng internal na tuntunin sa pamamaraan ng pagmimina, maglalaan ng puwang para sa mga puna ng publiko sa lahat ng isinumite at pagrerekomenda ng kanselasyon ng permit (Sek. 38).

Pinagtitibay ng panukalang batas ang papel ng MGB bilang institusyon ng siyentipikong pananaliksik sa ilalim ng DENR. Kinakailangan magtayo ang MGB ng antas pambansa at rehiyonal na sistema sa filing at pagrerekord gayundin ng mineral resource at rights management database system na maghihiwalay sa mga uri ng mineral (Sek. 19, 34). Ang lahat ng resulta ng eksplorasyon ng yamang mineral ay kinakailangang ipasa sa MGB (Sek. 21). Kinakailangan kung gayon na magmantine ng imbentaryo ng watershed continuum at lahat ng yamang mineral; pagtukoy sa mga estratehikong mapagkukunan ng mineral para sa lokal na industriya, modernisasyon ng agrikultura, at pagpapaunlad ng kanayunan (Sek. 32-33).

Sa ilalim ng Peoples Mining Bill, ang proseso ng pagtanggap sa mga panukalang pagmimina ay ang sumusunod:

1. MSMC vote. Ang MSMC ang magdedesisyon kung ang lugar ay magiging bukas sa pagmimina sa pamamagitan ng dalawang-ikatlo (2/3) na boto (Sek. 41). [1]

2. Call for proposals. Kung mapagdesisyunan ng MSMC na buksan ang lugar sa pagmimina, ihahanda ng MGB ang information sheets at paglalabas ng panawagan para sa pagpapasa ng mga panukala na nakabase sa MP (Sek. 47-48).

3. MGB pre-screening and endorsement. Isasalang sa paunang-pagsasala ng MGB ang lahat ng panukalang pagmimina base sa NIP, tutukuyin ang nangungunang limang panukala at irerekomenda ang mga ito sa MSMC para sa deliberasyon (Sek. 49).

1 Isasaalang-alang ng MSMC ang ulat ng MGB hinggil sa eksplorasyon, umiiral na *downstream industries*, potensyal na epekto sa kalikasan, pampublikong kalusugan at kultura, pagtatasa sa posibleng maging problema at panganib, potensyal na benepisyo sa ekonomiya, umiiral at alternatibong gamit-sa-lupa at kakayahan ng lugar (Sek. 37).

**Table 3: Paghahambing sa proseso ng pagdedesisyon hinggil sa pagmimina**

| RA 7942: Mining Act of 1995 | HB 2715: People's Mining Bill |
|---|---|
| Pagdidiin sa Presidential prerogative. Ang pagdedesiyon hinggil sa permit ng mga pagmimina at nakakosentra sa kamay ng Pangulo, base sa rekomendasyon ng Kalihim ng DENR. | Base sa estratehiko at lokal na mga plano at konsultasyon. Ang pag-unlad ng industriya ay nakabase sa National Industrialization Program at Mining Plan; sentralisado ang pagdedesisyon ng Multi-Sectoral Mineral Council na binubuo ng mga kinatawan mula sa gobyerno at apektadong komunidad (Sek. 37-39). |
| Lahat ng lugar ay ipinagpapalagay na bukas sa pagmimina maliban na lamang kung idedeklarang "sarado" ng Gobyerno. | Lahat ng lugar ay sarado sa pagmimina maliban na lamang kung idedeklarang "bukas" ng MSMCs sa pamamagitan ng dalawang-ikatlo (2/3) na boto (Sek. 41). |
| Mga tungkulin ng mga ahensya ng gobyerno. Ang DENR ang may kapangyarihan na pumasok sa mga kasunduan hinggil sa mineral. Ang MGB ang namumuno sa administrasyon, disposisyon ng lupa at mapagkukunan ng mineral, pananaliksik at sarbey sa ekspolarasyon. Irerekomenda ng Direktor ng MGB sa Kalihim ng DENR ang pagpapahintulot ng kasunduan sa pagmimina sa kwalipikadong mga tao. | Ang MGB ay isang institusyon sa siyentipikong pananaliksik sa ilalim ng DENR at sentral na repositoryo ng impormasyon ng lahat ng operasyon sa pagmimina. Responsable ito sa database, imbentaryo at pagpaprayoridad, eksplorasyon sa pagmimina sa ngalan ng Estado, pampublikong impormasyon at pagsasala ng mga panukalang pagmimina (Sek. 19, 21, 32-33, 35). |

4. MSMC deliberation with LGUs and IPs/indigenous cultural communities (ICCs). Magsasagawa ang LGUs ng public hearing sa mga apektadong komunidad at nangangailangan ng pag-apruba ng mga apektadong sanggunian at mayorya ng apektadong LGUs (Sek. 47). Magkahiwalay na deliberasyon ang isasagawa para sa mga apektadong pambansang minorya/ICCs sa pamamagitan ng kanilang sariling sistema at mga pamamaraan, malaya sa panlabas na manipulasyon, panghihimasok, pamimilit at mga katulad (Sek. 50).

5. MSMC final deliberations. Pipiliin ng MSMC sa nangungunang limang panukala, ikokonsidera ang pinakakatangga-tanggap sa aspeto ng sosyo-ekonomiko, pangkalikasan at pangkulturang programa (Sek.50)

6. Public announcement. Ipapadala ng MSMC ang kanyang desisyon sa MGB, isasapubliko ang natanggap na panukala at maglalabas ng permit matapos ang anim na linggo kung walang tututol rito.

Para sa small-scale mining o maliitang pagmimina, kinikilala ng PMB ang nakasaad sa RA 7076 o ang People's Small-Scale Mining Act of 1991. Pinalawak nito ang komposisyon ng Provincial/City Mining Regulatory Board (Sek. 25 ng RA 7076) na isama ang dagdag na dalawang kinatawan mula sa civil society. Noon, isang kinatawan mula sa NGO lamang ang pinahihintulutan ng RA 7076. Ang lahat ng permit sa quarry ay nangangailangan ng rekomendasyon ng MSMC bago ang pinal na pag-apruba ng gobyerno sa antas probinsya (Sek. 84).

## 8. Paano pinagtatanggol at pinoprotektahan ng PMB ang pambansang patrimonya?

**a. Pinahihintulutan lamang nito ang mga permit sa pagmimina na magkakaroon ng malaking benepisyo ang mga Pilipino at pagmimina na sumusuporta sa estratehiko at maingat na ekstraksyon ng mineral na kailangan sa industriyalisasyon.**

Sa mga malakihang pagmimina, binabasura nito ang kontrobersyal na FTAAs at EPs. Pananatilihin nito ang ilang permit sa RA 7942 ngunit paliliitin ang kanilang saklaw at karapatan. Magkakaroon ng mahigpit na pagsasala sa proseso upang maseguro na mapoprotektahan ang kalikasan at mayroong maayos na plano sa maaaring epekto nito sa lipunan. Ang tatlong permit na pahihintulutan sa malakihang pagmimina ay ang mga sumusunod (Sek. 44):

- Mineral Production Sharing Agreement (MPSA) - Pagkakalooban ang mga kontratista ng eksklusibong karapatan sa pagsasagawa ng pagmimina at pagkakaroon ng bahagi sa gross output habang nagbibigay ng tulong pinansyal, teknolohikal at pamamahala.

- Co-production Agreement (CA) - Isang kasunduan sa pagitan ng gobyerno at kontratista kung saan ang gobyerno ang magbibigay ng input sa operasyon ng pagmimina labas sa pagkukunan ng mineral.

- Joint Venture Agreement (JVA) - Isang joint-venture company na inorganisa ng gobyerno at kontratista at ang dalawang panig ay may pantay na shares o bahagi; may karapatan ang gobyerno sa bahagi ng gross output.

Large-scale mining o malakihang pagmimina. Hindi dapat lalagpas sa 500 ektarya ang pahihintulutang lugar para sa mga permit ng malakihang pagmimina. Walang

**Table 4: Paghahambing ng Mayor na Tipo ng Permit ng Pagmimina sa RA 7942.**

| Tipo ng Permit | RA 7942: Mining Act of 1995 | HB 2715: People's Mining Bill |
|---|---|---|
| **Exploration Permit (EP)** | **Tagal ng Operasyon:** Dalawang taon, pinakamatagal ang walong taon.<br><br>**Pinakamataas na sakop na lugar:** 32,000 ektarya onshore, 81,000 ektarya offshore<br><br>**Ekonomikong Pribilehiyo:** 100% repatriation ng kapital at tubo; walang income tax (sa loob ng 6 taon), export tax (10 taon), at import tax; maaaring mag-empleyo ng dayuhan, may karapatan na ilipat o ipagbenta ang permit sa pagmimina, mayroong confidentiality rights<br><br>**Pulitikal na karapatan:** timber rights, water rights, easement rights, pagpasok sa pribadong lupain at konsesyon | Tatanggalin ang Explorations Permits (EPs). Pahihintulutan lamang ang eksplorasyon ng pribadong entidad sa Joint Venture Agreement (JVA) (Sek. 24).<br><br>Pangunahing resposibilidad ng gobryerno ang eksplorasyon sa pagmimina (Sek. 23). Ang Estado ay dapat na mamuhunan sa eksplorasyon at pagmimina (Sek. 25). Ang yugto ng eksplorasyon ay ireregularisa ng MGB. (Sek. 22).<br><br>Ang lahat ng resulta ng eksplorasyon ng yamang mineral ay kailangang isumite sa MGB (Sek. 21). |
| **Financial and Technical Assistance Agreement (FTAA)** | **Tagal ng Operasyon:** 25 taon, renewable hanggang 50 taon<br><br>**Pinakamataas na sakop na lugar:** 81,000 ektarya onshore, 324,000 ektarya offshore<br><br>**Kapital:** 100% dayuhang kapital ($50 milyon ang minimum na puhunan)<br><br>**Pribilehiyo sa ekonomiya at pulitikal na karapatan:** Kapareho sa EP | Tatanggalin ang Financial and Technical Assistance Agreement (FTAA). |

**Table 4: Paghahambing ng Mayor na Tipo ng Permit ng Pagmimina sa RA 7942.**

| Tipo ng Permit | RA 7942: Mining Act of 1995 | HB 2715: People's Mining Bill |
|---|---|---|
| **Mineral Processing Sharing Agreement (MPSA) /**<br><br>**Co-production Agreement (CA) /**<br><br>**Joint Venture Agreement (JVA)** | **Tagal ng Operasyon:** 25 taon, maaaring pahabain hanggang 50 taon<br><br>**Pinakamataas na sakop na lugar:** 16,200 ektarya onshore, 40,500 ektarya offshore<br><br>**Kapital:** 60% Filipino, 40% foreign<br><br>**Pribilehiyo sa ekonomiya at pulitikal na karapatan:** Kapareho sa EP | **Tagal ng Operasyon:** Hanggang 15 taon (Sek. 55)<br><br>**Pinakamataas na sakop na lugar:** Hanggang 500 ektarya (Sek. 54)<br><br>**Kapital:** 60% Filipino, 40% Dayuhan (Sek. 45)<br><br>**Pribilehiyo sa ekonomiya at pulitikal na karapatan:** Mineral Processing Sharing Agreement (MPSA): Pagkakalooban ang mga Kontratista ng eksklusibong karapatan sa pagsasagawa ng pagmimina at pagkakaroon ng bahagi sa gross output habang nagbibigay ng tulong sa pinansyal, teknolohikal at pamamahala.<br><br>**Co-production Agreement:** Isang kasunduan sa pagitan ng gobyerno at kontratista kung saan ang gobyerno ang magbibigay ng input sa operasyon ng pagmimina labas sa pagkukunan ng mineral.<br><br>**Joint Venture Agreement:** Isang joint-venture company na inorganisa ng gobyerno at kontratista na ang dalawang panig ay may pantay na shares o bahagi; may karapatan ang gobyerno sa bahagi mg gross output. |

sinuman ang maaaring mabigyan ng 750 ektarya sa kahit anong watershed (Sek. 54). Hindi dapat lumagpas sa labinlimang (15) taon ang termino ng kasunduan at nararapat na nakapaloob sa kasunduan ang rehabilitasyon ng lugar. Hindi maaaring pahabain ang permit nang walang nakasasapat na dahilan (Sek. 55). Hindi ito maaaring mailipat sa iba; ang ano mang pagbabago sa pag-aari ng korporasyon o bagay na may kinalaman sa kanilang pinansya ay kinakailangan na kanilang maiulat (Sek. 64).

Small-scale mining permits (SSMPs). Maibibigay lamang ang SSMPs sa mga indibidwal at kooperatiba. Ang tagal ng permit ay tatlong (3) taon, maaaring pahabain hanggang labinlimang (15) taon (Sek. 66).

Quarrying permits. Ipagkakaloob ang quarrying permits sa mga pribadong lupain sa mga kwalipikadong Pilipino, hindi kasama ang mga lupang ninuno at pampublikong lupain kung magtatayo ng mga gusali at konstruksyon. Ang kasunduan sa mineral ay nangangailangan ng ekstraksyon ng lupa para sa metallic content (magnetite) mula sa mga ilog, ang large-scale quarry ay nangangailangan ng cement raw materials, marble, granite, sand, gravel at construction aggregates. Hindi ipagkakaloob ang permit sa mga lugar na nasa ilalim na ng ibang kasunduan sa mineral. Limitado lamang ang mga permit sa limang (5) ektarya at limang (5) taon, na maaaring i-renew hanggang dalawampung (20) taon (Sek. 75).

**b. Nagtatakda ito ng mahigpit na tuntunin sa partisipasyon ng dayuhan sa industriya ng pagmimina sa Pilipinas.**

Tanging Pilipinong korporasyon lamang ang papayagang magkaroon ng permit. Tinatanggal nito ang EPs, ang MGB na ang mangangasiwa at magsasagawa ng eksplorasyon. Ipinagbabawal din nito ang FTAAs o iba pang katulad na kasunduan kung saan pinahihintulutan ang mga dayuhan sa eksplorasyon, pagpapaunlad at paggamit ng yamang mineral.

Maaaring mamuhunan ang mga dayuhang kumpanya sa iilang pagkakataon na tutukuyin ng gobyerno at kailangan na nakaayon ito sa NIP at sa kakayahan at kapasidad ng bansa. Kinakailangan nilang sumailalim sa mahigpit na pagsasala at regulasyon. Kailangan nilang magbigay ng programa para sa palitan-sa-teknolohiya at kailangan na pantay ang bahagi ng bawat panig. Mas hinihikayat ang akumulasyon ng kapital at muling pamumuhunan sa halip na repatriation o pagbabalik ng tubo. Ang mga dayuhang kumpanya na mayroong hindi magandang rekord ay hindi pahihintulutan (Sek. 4).

**Table 5. Uri ng Quarrying Permit na pinahihintulutan (Sek. 78-83)**

| Quarry Permit Type | Coverage | Grantee | Authority | Maximum Area |
|---|---|---|---|---|
| **Commercial Sand at Gravel Permit** | Sand, gravel, o ibang loose or unconsolidated materials sa labas ng mga lupaing ninuno na ginagamit sa kanilang natural na estado | Sinumang kwalipikadong tao. | Gobernador | Hindi lalagpas sa 5 ektarya |
| **Industrial Sand and Gravel Permit** | Sand at gravel at ibang loose ounconsolidated materials sa labas ng lupaing ninuno na nangangailangan ng mekanikal na pagpoproseso | | MGB | Hindi lalagpas sa 5 ektarya para sa 3 taon hanggang 20 taon. |
| **Exclusive Sand and Gravel Permit** | Sand at gravel o ibang loose o unconsolidated materials mula sa mga pampublikong lupain para sa kanyang gamit (hindi komersyal) | | Gobernador | |
| **State Gratuitous Permit** | Sand, gravel, quarry o loose unconsolidated materials sa pagtatayo ng mga pampublikong imprastruktura | Kahit na sinong ahensya ng gobyerno | Gobernador | Hindi lalagpas sa 2 ektarya; kasing haba ng sa konstruksyon |
| **Guano Permit** | Loose unconsolidated guano and iba pang organikong materyales para sa pataba | Sinumang kwalipikasong Pilipino | | Partikular na mga kweba at/o piniling lugar |
| **Gemstone Permit** | Loose stone na maaaring magamit bilang gemstones | | | Ilog, at iba pang lugar |

**c. Siniseguro nito na ang mga kumpanya sa mina ay magbabayad ng buwis, bayarin at bahagi sa gobyerno at komunidad.**
Ang RA 7942 ay mayroong mahabang listahan ng paglibre sa mga buwis, pagbibigay ng insentibo at investment guarantees para sa mga dayuhang namumuhunan sa mina. Lalo nitong pinaliliit ang bahagi na makukuha ng gobyerno at lokal na komunidad at pinahihintulutan ang mga dayuhang namumuhunan sa mina na higupin nang buo ang dapat na kikitain ng bansa.

Sa kabilang banda, ang Peoples Mining Bill ay nanghihingi ng bayad para sa requisite tax, ibang mga bayarin, bahagi ng gobyerno at bayad sa apektadong lokal na komunidad mula sa kinikita ng pagmimina. Tinitiyak nito ang pangangapital at pinansya sa lokal na mina. Tinitiyak nito na maayos at sapat na nababayaran ang gobyerno at komunidad at ang kinikita ng pagmimina ay direktang sumusuporta sa pangangailangan ng lokal na ekonomiya (Sek. 93-102).

## 9. Paano itinataguyod ng HB 2715 ang paggalang sa karapatang pantao at kagalingan ng iba't ibang sektor at stakeholder sa apektadong lugar ng proyekto ng pagmimina?

**a. Itinataguyod ang karapatan ng mga manggagawa at ang kanilang kaligtasan sa trabaho**
Iginagalang ng panukalang batas ang karapatan ng mga manggagawa na mag-organisa at bumuo ng asosasyon upang kolektibong magkaisa at magwelga. Tinitiyak nito ang seguridad sa trabaho, tamang sahod, benepisyo, at ligtas na kondisyon sa trabaho ng mga manggagawa (Sek. 4). Lahat ng proyekto ay mahigpit na susunod sa mga tuntunin at regulasyon sa ligtas na pagmimina at pangangalagaan ang kalusugan at kagalingan ng mga manggagawa. Kasama rito ang RA 7305 o Magna Carta of Public Health Workers; ipagbabawal ang sapilitang paggawa at child labor; ang ratio ng supervisor-worker ay isang mining engineer at foreman sa limampu (50) na manggagawa. Magsasagawa ang opisyales ng Gobyerno ng inspeksyon sa kaligtasan at kondisyon sa paggawa. Ang MGB ang maglalabas ng kautusan na lutasin ang maling mga praktika at suspindihin ang operasyon dahil sa posibleng panganib na maidulot nito sa buhay at sa ari-arian. Ang mga kinatawan ng mga samahan ng mga manggagawa ay magkakaroon ng karapatan sa pagbisita o visitorial rights (Sek. 103-109).

**b. Nangangailangan ng pagsang-ayon ng pambansang minorya sa lahat ng yugto ng pagmimina.**
Free, Informed and Prior Consent (FPIC) mula sa ICCs at IPs ay kailangan sa lahat ng tipo at yugto ng proyektong pagmimina sa lupang ninuno. Kinakailangan igalang at sumunod sa kinagawian, praktika, mga proseso ng apektadong ICCs/

IPs. May FPIC sa paggamit ng pinagkukunan ng tubig sa nasasakupan ng lupa ng mga IP (kasama ang nasa parehong groundwater network at downstream user) bago pa mabigyan ng permit sa paggamit ng tubig ng National Resources Water Board (NRWB) (Sek. 66, 74, 123, 138).

**c. Itinataguyod ang kabuhayan at may suportang teknolohikal sa mga small-scale mining o maliitang pagmimina.**

Sinisikap nitong palakasin ang komunidad ng mga small-scale o maliitang pagmimina sa pamamagitan ng FPIC, environment/social impact plans, at pananaliksik at suportang pangkabuhayan. Mababawasan nito ang pagsandig sa atrasadong teknolohiya, middlemen/financiers, at eksport ng mineral. Nagbibigay ito sa kanila ng suportang pangkabuhayan kasama ang pagpasok sa merkado ng mineral at pagpipinansya, pamamahala ng pakikipagsosyo sa mga kumpanya ng mina, kontratista (para sa pagpoproseso at recycling) at mga kooperatiba ng SSM (Sek. 72). Ang Bangko Sental ng Pilipinas ay titiyakin na ang mga buying station ay bumibili mula sa small-scale traders sa presyo ng merkado at palitan (Sek.73).

**d. Parurusahan ang lahat ng lalabag sa karapatang pantao kaugnay ng pagmimina.**

Hindi tulad ng RA 7942, binibigyang diin ng PMB ang obligasyon at pananagutan ng korporasyon ng mina sa pagsunod sa karapatang pantao (Sek. 133, 139). Natutuhan mula sa karanasan, kinikilala ng bill bilang paglabag sa karapatang pantao ang extrajudicial killings, tortyur, sapilitang pagkawala, sapilitang pagpapaalis, pagsasagawa ng checkpoints at pagpapataw ng toll fee na nakakahadlang sa kalayaang gumalaw sa lugar, pagkakait ng mapagkukunan ng pagkain at tubig, pagbili ng boto at panunuhol para makuha ang permiso o pag-endorso sa proyektong mina at kaparehong mga gawi. Ang pag-eempleyo ng mga grupong paramilitar para sa pagmimina ay ipagbabawal (Sek. 135).

**e. Pagpapababa ng insidente ng harassment at pagpapalakas ng pampublikong paglilitis.**

Sinisikap ng PMB na tanggalin ang mga kaso ng harassment, kilala bilang Strategic Legal Actions Against Public Participation[2] (SLAPPs), sa pamamagitan ng pagbibigay ng tatlumpung araw sa korte upang suriin kung ito ay SLAPP o hindi (Sek. 137)

Sinusuportahan nito ang kapasidad ng mamamayan sa paghahabla sa mga lumalabag sa batas sa pamamagitan ng 1) pagpapahintulot sa mga mamamayan

2 SLAPP ay kahit anong ligal na aksyon, maaaring sibil, kriminal o adminisratibo, isinumite upang mang-harass, maggambala, nagtutulak ng ligal na aksyon o pagpigil sa ligal na pagdulog ng mamamayan laban sa Act na ito o pagpapatupad sa probisyon ng Act na ito, o pagsasagawa ng kanilang karapatan sa asembleyo o pampublikong partisipasyon.

**Table 6. Paghahambing ng buwis, bayarin at ilan pang benepisyo**

| RA 7942: Mining Act of 1995 | HB 2715: People's Mining Bill |
|---|---|
| **Limitado ang bahagi ng gobyerno.** Limitado lamang ang bahagi ng Gobyerno sa excise tax na 2% ayon sa batas. | **Mas mataas ang bahagi ng gobyerno at komunidad:**<br>a. Bahagi ng Pambasang Gobyerno: (Sek. 94): 10% ng gross revenues mula sa pagpapaunlad at paggamit ng yamang mineral na pag-aari nito.<br>b. Bahagi ng LGU (Sek. 98): nakabase ito sa klasipikasyon ng LGU, bulnerabilidad at human development index.<br>c. Indigenous cultural communities' royalty (Sek. 95): hindi bababa sa 10% ng gross revenues.<br>d. Scientific Research at Development Fund (Sek. 96): bagong seksyon.<br>e. Legal Services Fund (Sek. 97): bagong seksyon<br>f. Mine Wastes at Tailings Fee (Sek. 99) |
| **Limitadong taxes at bayarin**, kasama ang semi-annual mine wastes at occupation fees. Ang mga permit ay mayroong anim (6) na taon na tax exemption, sampung (10) taon na export tax exemption at import tax exemption. | **Mas mataas na buwis at bayarin**, kasama ngunit hindi limitado sa mga sumusunod: semi-annual Mine Wastes at Tailings fees, income tax ng kontratista, customs, duties and fees sa pag-angkat ng capital equipment, value-added tax sa imported na kalakal at serbisyo, withholding tax sa pagbabayad ng interes sa mga dayuhang pautang at sa dividends ng foreign stockholders, documentary stamps tax, capital gains tax, excise tax sa minerals, local business tax, real property tax, community tax, occupation fees, registration, accreditation and permit fees, and water usage fees (Sek. 93). |
| **Sagana sa pinansyal at di-pinansyal na insentibo.** Sa pamamagitan ng Omnibus Investments Code of 1987, natatamasa ng mga kontratista ang insentibo para sa Pollution Control Devices, Income Tax-Carry Forward of Losses, Income Tax-Accelerated Depreciation, at Investment Guarantees. | **Insentibo.** Ibibigay ang insentibo sa mga gagamit ng pollution control o mitigation devices (Sek. 100). |

**Table 6. Paghahambing ng buwis, bayarin at ilan pang benepisyo**

| RA 7942: Mining Act of 1995 | HB 2715: People's Mining Bill |
|---|---|
| **Garantiya sa puhunan.** Kasama ang (a) Pagbabalik ng puhunan, (b) Remittance ng kita, (c) dayuhang pautang/ kontrata,(d) Kalayaan mula sa ekspropriasyon, (e) Requisition of investment and (f) Confidentiality | Lahat ng mga kontratista ng malakihang pagmimina ay kailangang ideposito ang kanilang puhunan at kita sa mga bangko ng Pilipinas o pinansyal na institusyon nito (Sek. 101). Sa mga mayroong tulong pinansyal mula sa labas ay kailangan ipakita ang kanilang kinikita, at pahihintulutan na i-repatriate ang kinita hangang 50% kada taon. Pahihintulutan ang buong pagbabalik ng kita isang taon matapos ang pagmimina at kapag natapos na ang rehabilitasyon nito. (Sek. 102). |

na maghain ng sibil, kriminal o administratibong kaso laban sa mga lumabag ng batas at sa mga opsiyales ng publiko na nagpabaya sa pagpapatupad ng batas at 2) pagkilala sa bisa ng kaso na inihain matapos ang teminasyon ng kontrata sa mga lugar na nararanasan ang masamang epekto sa kalikasan at kalusugan ng nasabing pagmimina (Sek. 130, 134-142). Ang mga indigents suits at pauper litigants ay hindi na kailangan magbigay ng mga bayarin at mabibigyan ng suportang ligal sa pamamagita ng Public Attorney's Office (Sek. 138).

**f. Pagkakaroon ng konsultasyon at monitoring sa lahat ng apektadong komunidad.**

Kinakailangang magsagawa ng mga konsultasyon sa mga apektadong komunidad sa lahat ng yugto ng pagmimina upang matiyak ang kanilang kaalaman at pagbibigay-pahintulot sa aktibidad (Sek. 58). Kinakailangan ng kasulatang nagpapakita ng pahintulot o written consent ng pribadong nagmamay-ari at ligal na naninirahan (Sek. 60). Ang MSMC ay bubuo ng multi-partite monitoring team na magmomonitor ng pagtalima sa mga maliit at malakihang permit sa mina at environmental plan, magsasagawa ng inspeksyon, magsusuri ng mga libro ng pinansya, magkukumpiska ng mga bond sa pamamagitan ng MGB (Sek. 62, 67)

**g. Susuportahan ang pag-unlad ng mga komunidad, lokal na siyensya at teknolohiya**

Kailangang suportahan ng mga kontratista ang mga proyekto sa pagpapaunlad ng mga komunidad habang nagbabayad ng kinakailangang royalty at bayarin para sa komunidad at mga LGU. Kailangang nakaayon ang mga proyekto sa local development plan at hindi ito ituturing na royalty payment sa IPs/ICCs (Sek. 89). Bibigyang prayoridad ang pag-empleyo sa mga Pilipinong manggagawa, pagsasanay ng miyembro ng mga lokal na komunidad at paggamit ng katutubong produkto,

serbisyo at teknolohiya sa lahat ng yugto ng trabaho sa pagmimina. Bibigyang kasanayan sa lahat ng aspeto ng operasyon ng mina ang komunidad (Sek. 90-91).

## 10. Paano tinitiyak ng PMB ang proteksyon sa kalikasan?

Tinutukoy ng PMB ang mga lugar na sarado para sa pagmimina at nangangailangan ng masaklaw na environmental impact assessment at mitigation plans, precautionary measures at ng nakalaang pondo. Nangangailangan na magsagawa ng progresibong rehabilitasyon at mga aktibidad sa mitigasyon ng polusyon, pahahalagahan ang paggamit ng tubig at babawasan ang insidente ng acid mine drainage. Sa kabilang banda, ang probisyon sa environmental protection sa RA 7942 ay maluwag, hindi nakasasapat, at kulang sa pinansyal, teknikal at mga pamamaraan upang matiyak ang konserbasyon ng kapaligiran at rehabilitasyon nito. Nangangailangan lamang ito ng proteksyong pangkapaligiran at programang pangkaunlaran mula sa plano ng proyekto ng kontratista at bilang pagsunod sa Environmental Impact Assessment.

Ang mayor na probisyon hinggil sa kalikasan ng PMB ay ang mga sumusunod:

**a. "No mining" areas**
Ipinagbabawal ang pagmimina sa lugar na kritikal ang kalagayan ng kalikasan o environmentally-critical areas kasama na ang mga lugar na may potensyal na magkaroon ng acid mine drainage; kritikal na watershed at habitat; key biodiversity areas, geohazard at climate disaster-prone areas; small island ecosystem; old growth, likas o primaryang mga kabundukan, watershed forest reserves, wilsderness area, mangrove forest, mossy forests, national parks, protection forests, provincial/ municipal forests, parke, greenbelts, game refuge, big sanctuaries, buffer zones at probinsya ng Palawan ayon sa RA 7611.

Ipinagbabawal sa mga lugar na idineklara ng LGU bilang no-mining zones, residensyal o lugar ng agrikultural na produksyon, lupain na mayroong makapal na populasyon o di kaya prime agricultural/irrigable/irrigated na lupa ayon sa depinisyon ng Republic Act 9700; lugar na nasa ilalim ng reporma sa agraryo; traditional swidden farms, hunting grounds; arkeolohikal, historikal at kultural na lupain at lugar sa ilalim ng RA 10006; lugar malapit sa pampubliko o pribadong gusali, mga proyektong imprastraktura; reserbasyong pang-militar o pang-gobyerno[3]; high conflicts areas (Sek. 40).

3 Liban na lamang kung mayroong kasulatan na nagbibigay ng pahintulot ng ang ahensya ng gobyerno at/o pribadong entidad.

**b. Environmental impact assessment at mitigation plans**

Sa paunang pagsasala ng mga panukalang proyekto, hihingi ang MGB ng environmental economic audit o resource valuation ng lugar na kailangang isinagawa ng multisektoral na grupo ng mga dalubhasa at mga stakeholder at kinakailangan na ito isasapubliko. (Sek. 40, 43). Humihingi rin ang HB 2715 sa mga Kontratista ng Environmental and Social Impact Assessment and Mitigation (ESIAMP) na naglalaman ng pamamaraan, sistema, proseso at iskedyul ng operasyon gayundin ng pamamaraan ng mitigasyon ng negatibong epektong pangkapaligiran at panlipunan. (Sek. 53). Ang aprubadong Environmental and Social Impact Compliance Certificate (ESICC) ay kinakailangan para sa paglalabas ng permit ng malakihan o maliitan na uri ng mina (Sek. 53, 69).

**c. Precautionary measures at pondo sa rehabilitasyon**

Itinataguyod ng panukalang batas ang precautionary principle at hinihingan ang kontratista ng environmental clearance certificate, maliban na lamang sa panahon ng eksplorasyon ng kasunduan, base sa environmental impact assessment and procedure sa ilalim ng Philippine Environmental Impact Assessment System sa ilalim ng Presidential Decree 1856, at ang Local Government Code ng 1991 seksyon 26 at 27 na nag-uutos sa mga ahensya na imantine ang ekolohikal na balanse at magkaroon ng paunang konsultasyon sa mga LGU, NGO, at pang-masang organisasyon at iba pang apektadong sektor ng komunidad (Sek. 111).

Dagdag pa, nangangailangan din ng programang pangkalikasan at pangkaunlaran kasabay ng termino ng kasunduan. Nararapat na sakop ng programang pangkalikasan ang rehabilitasyon, regeneration, revegetation at reforestation ng mineralized areas, slope stabilization of mine-out at tailings covered areas, akwakultura, pagpapaunlad ng watershed at konserbasyon ng tubig; at pagpapaunlad ng sosyo-ekonomiya (Sek. 110). Kailangan magtayo rin ng tailings impoundments at mga dam na malayo sa lugar ng watershed drainage ayon sa pamantayang internasyunal; pagpapatupad ng probisyong Clean Water Act at Clean Air Act sa pagtatapon ng basura, paggamit ng kemikal o reagent upang mabawasan ang pagkasira ng kalikasan at pagpreserba ng inalis na topsoil para sa ibang pang gamit (Sek. 120).

Itinataguyod ng panukalang batas ang "pollute pays principle" sa pamamagitan ng pagpapabayad sa mga Kontratista sa kanilang idinulot na pinsala sa kapaligiran at pagbibigay ng pondo para sa proteksyon ng kapaligiran at maging sa mga sakuna, at teknolohikal na suporta para sa aktibidad ng rehabilitasyon. Kasama rito ang environmental insurance contract, Calamity and Human Rights Protection Fund, Performance Bond, at Mine Rehabilitation Fund (Sek.113-122)

**d. Prayoridad ang malinis na tubig para sa mga tao.**
Matatamasa ng mga may permit ang karapatan sa tubig sa ilalim ng RA 7942, kadalasan ay inililihis pa nila ang pinagkukunan ng tubig palayo sa mga komunidad at sa produksyon ng pagkain. Binibigyang diin naman ng PMB ang paggamit ng tubig sa lokal, munisipal, at agrikultural. Ang National Water Resources Board (NWRB) ay mag-iimbestiga sa lahat ng umiiral na pamamaraan ng paggamit ng tubig sa mga apektadong lugar at hihingi ng pahintulot mula sa lahat ng mga gumagamit ng tubig (Sek. 123). Magkakaroon din ng bayad ang lahat ng makikigamit ng tubig (Sek 125). Ang mga kontratista ng mina ay responsable sa muling pag-recycle ng tubig na ginagamit sa kanilang operasyon at sa paggamot dito nang nakaayon sa pambansang pamantayan sa tinatayang baseline ng kalidad ng tubig bago nila itapon. (Sek. 124).

**e. Mitigasyon para sa acid mine drainage (AMD)**
Nagkakaroon ng AMD kapag ang marumi at highly-acidic na tubig ay dumaloy o tumagas mula sa lugar ng pinagminahan. Depende sa lokasyon, ang drainage ay maaaring kontaminado at nakalalason na makakaapekto sa kalusugan ng mga tao at sa kalikasan. Layunin ng panukalang batas na mabawasan ang AMD sa pamamagitan ng pagbabawal sa paggamit ng mga materyales na lumilikha ng acid waste rock para sa imprastraktura; magsasagawa ng sistema ng pagmomonitor at prediksyon para sa potensyal na insidente ng AMD; pag-iwas sa mga waterways ng mga planong mina; muling pagmimina upang makuha ang natitirang mineral.

**f. Suportang pananaliksik at teknolohiya para sa maliitang pagmimina**
Ang mga minero ng maliitang pagmimina ay susuportahan sa pamamagitan ng pagsasagawa ng pananaliksik at pagpapaunlad para sa malinis, mahusay, sensitibo sa kultura at nakabubuhay na industriya. Nilalayon nito na mabawasan ang epekto ng ginagamit nilang mercury at cyanide sa kalusugan at kapaligiran at nilalayon din na mapalitan ang kasalukuyang mapanganib na praktika ng mga maliitang mina (Sek. 70).

**g. Rehabilitasyon ng mga lugar ng mina**
Hindi katulad ng RA 7942, ang mga mayroong permit ay inaatasang magkaroon ng plano para sa progresibong rehabilitasyon at inaatasang i-rehabilisa ang lahat ng lugar ng mina at inabandonang mina. Isasama ang limang taon na rehabilitasyon sa nilalaman ng kasunduang mineral (Sek. 55). Walang ibibigay na clearance sa mga kontratistang magbabawi ng operasyon maliban na lamang kung ipinapatupad na ang pagsasara at pagrerehabilisa ng mina. Kailangan din lumikha ang mga kontraktor ng Mine Rehabilitation Fund at Performance Bond na hindi na isasauli kung abandonahin ang mina nang walang isinagawang rehabilitasyon (Sek. 115-116)

## 11. Ano ang mga dahilan sa pagkansela ng kasunduang mineral at ang iba pang parusa

**Table 7. Mga dahilan sa pagkansela ng mga permit sa mina.**

| RA 7942: Mining Act of 1995 | HB 2715: People's Mining Bill |
|---|---|
| Limitado sa administratibong paglabag tulad ng huli o hindi pagsumite ng rehistrasyon, paglabag sa termino ng permit at hindi pagbabayad ng buwis at iba pang bayarin.<br><br>Hindi kinikilala ng batas ang paglabag sa karapatang pantao ng mga korporasyon. | Ang mga dahilan ay ang mga sumusunod: 1) paglabag sa kahit anong probisyon ng Act; 2) hindi pagbabayad ng buwis; 3) panunuhol o paggamit ng dahas, intimidasyon, pananakot, pamimilit sa opisyal ng gobyerno at mga komunidad; 4) nakalilikha o nakakadagdag sa sigalot at mga katulad, at 5) hindi makapag-operasyon sa loob ng dalawang taon (Sek. 143).<br><br>Ang mga dahilan sa mabilisang pagkansela ay: 1) paglabag sa karapatang pantao ng kontratista o kahit sino sa kanyang ahente; 2) paggamit ng mga paramilitar para protektahan ang operasyon ng mina, at 3) paglabag sa environmental provision nan a nangangailangan din ng kompensasyon at rehabilitasyon (Sek. 134-135).<br><br>Ang mga lalabag ay habang buhay nang pagbabawalan sa direkta o hindi direktang paglahok sa operasyon ng mina sa Pilipinas. Ang mga opisyales ng gobyerno na magkakaroon ng adminitratibong paglabag ay paaalisin sa posisyon at habang buhay nang hindi makahahawak ng posisyon sa gobyerno (Sek. 143, 155). |

## 12. Ano ang pansamantalang probisyon ng PMB?

Iminumungkahi ng PMB ang moratoryo sa lahat ng aktibidad ng mina hangga't hindi pa naisasailalim sa buong sistema ng tamang implementasyon ng batas. Kakanselahin ang lahat ng umiiral na permit, lisensya at kasunduan. Itutulak ang pag-aaral ng kasalukuyang mineral land classification; kasalukuyang klasipikasyon ng mga ito at ang pagpapawalang-bisa ng kapangyarihan ng Pangulo na magdeklara ng mineral reservation. Ang Estado ay responsable sa pagbibigay ng ayuda sa mga manggagawa ng mina at minero at kanilang pamilya ng mga maliitang mina na pansamantalang maaapektuhan ng moratoryo habang isinasaayos ang mga bagong polisiya at mekanismo (Sek. 157-160).

Table 8. Pagkukumpara ng parusa at multa

| | RA 7942: Mining Act of 1995 | HB 2715: People's Mining Bill |
|---|---|---|
| **Pagbibigay ng Maling Pahayag** | Maksimum na multa ng P10,000 | Maksimum na multa ng P100,000 (Sek. 144) |
| **Iligal na eksplorasyon** | Maksimum na multa ng P50,000 | Maksimum na multa ng P5,000,000 (Sek. 145) |
| **Pagnanakaw ng mineral** | Pagkakakulong (anim na buwan hanggang anim na taon) at/o multa ng P10,000 hanggang P20,000, danyos | Pagkakakulong mula anim na buwan hanggang anim na taon at/o multa mula P100,000 hanggang P1,000,000 kasama ang danyos (liban sa mga minero ng small-scale) (Sek. 146) |

**Table 8. Pagkukumpara ng parusa at multa**

<table>
<tr><th></th><th>RA 7942: Mining Act of 1995</th><th>HB 2715: People's Mining Bill</th></tr>
<tr><td>Paglabag sa FPIC</td><td rowspan="5">Wala</td><td>Para sa non-government entities: pagkakakulong (anim na taon at isang araw hanggang sampung taon), minimum na multa na dalawang milyong peso.<br><br>Para sa mga opisyales ng gobyerno: pagkakakulong mula (8 taon at isang araw hanggang 12 na taon); minimum na multa na 4 milyon peso; pagbabawal na manumbalik sa katungkulan; at kawalan ng karapatan sa iba pang benepisyo ng gobyerno (Sek. 147)</td></tr>
<tr><td>Paglabag sa karapatang pantao</td><td>Pagkakakulong mula 10-14 na taon; multa ng hindi bababa sa limang milyon at pagbabayad-pinsala sa mga biktima (Sek. 148).</td></tr>
<tr><td>Pag-aabandona</td><td>Habang buhay na pagbabawal sa direkta at di direktang paglahok sa operasyon ng mina (Sek. 149).</td></tr>
<tr><td>Paglabag sa Anti-Dummy Law/ non-application of corporate veil</td><td>Multa ng P5,000,000 at hindi na makakalahok sa indutriya ng mina. (Sek. 151)</td></tr>
<tr><td>Paglabag sa Amendment ng Sec. 27 ng Small-scale Mining Act</td><td>Pagkakakulong ng anim na taon at isang araw hanggang 12 taon; pagkumpiska ng mga kagamitan at makinarya; pagpapasara o suspensyon ng mga aktibidad ng mina; at pagpapawalang bisa ng permit (Sek. 153)</td></tr>
</table>

